# Mga Diwang Lagalag sa Nagniningas na Kakahuyan

## *Isang Pananaliksik Ukol sa Kulturang Umiiral sa Alternatibong Espasyong Seksuwal sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman*

ALJOHN PUZON ESTRELLA

**ABSTRAK**

Tinutukoy sa pag-aaral na ito ang mga katangian ng alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman, demograpikong katangian ng respondente, tipo ng seksuwal na aktibidad na karaniwang ginagawa sa loob ng unibersidad, at mga lugar na karaniwang pinagdadausan ng seksuwal na aktibidad sa loob ng unibersidad. Gamit ang trayanggulisadong paraan sa pananaliksik ay nagsagawa ng mga sarbey, panayam, at pagsasalarang *(fieldwork)* na dinalumat ang kulturang seksuwal sa naturang espasyo. Sa pag-aanalisa ng datos ay lumalabas na nakababata (karaniwang nasa edad na 18 to 24 taong gulang), lalaki, bayseksuwal, *cisgender, masculine*, walang ugnayan sa UP, pitong (7) buwan hanggang isang (1) taon nang nagtutungo sa unibersidad para sa seksuwal na aktibidad, at dalawa (2) hanggang lima (5) at anim (6) hanggang sampu (10) ang kadalasang bilang ng nakatalik sa loob ng unibersidad ang mga katangian ng mayorya ng mga indibidwal na kabahagi ng alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman. Karaniwan ding nasa porma ng *oral sex* ang tipo ng seksuwal na aktibidad, at sa UP Lagoon at University Avenue ang karaniwang lugar na pinagdarausan nito.

**MGA SUSING SALITA**

kulturang seksuwal · seksuwal na oryentasyon · alternatibong espasyong seksuwal · katauhang pangkasarian · pangkasariang ekspresyon

## PANIMULA

Bago pa man dumating ang mga kanluraning mananakop sa Pilipinas, umiiral na ang mga konserbatibong pananaw, gaya na lang ng Sultanato ng Sulu na may paniniwalang Islam sa katimugang bahagi ng ating bansa. Ngunit sa kalakhang bahagi ng lupain na sa ngayon ay kilala bilang Pilipinas, ay namamayani ang malayang paghahayag ng kasarian at seksuwalidad, na siyang mababatid sa mga erotikong rituwal na isinasagawa ng mga babaylan o pinunong ispirituwal ng katutubong paniniwala sa kabisayaan (Garcia 1996). Likas sa bawat kultura ang pagpapanibagong hubog na siyang nakadepende sa kalagayang danas ng mga indibidwal na kabahagi nito. Pagdating ng mga mananakop na Espanyol noong 1521, ay nagsimulang lumawak ang impluwensiya ng heteronormatibo at heteropatriyarkal na sistema sa ating lipunan, na nagbunga ng matinding limitasyon sa paghahayag ng seksuwalidad (Eviota 1994). Ito ay dulot ng tahasang pagsasademonyo o pagbabantad ng kasinungalingan sa mga katutubong paniniwala, na noon ay karaniwang kinikilala ang malawak at malayang ekspresyon ng seksuwalidad ng tao, na walang restriksiyon ng binaryong pag-uuri na mayroon tayo sa kasalukuyan. Kaya bunga ng stigmatikong pananaw ng karamihan ay pinipiling ikubli ng iilan ang tunay nilang seksuwal na kalikasan, upang umakma at makaiwas sa mata ng panghuhusga ng mga konserbatibo (Hartal 2017).

Bilang pagtakas sa restriksiyon ng panghuhusga ng ilang kasapi ng ating lipunan, ay lumikha ang pangkasariang minorya ng mga alternatibong espasyong seksuwal na nagkukubli sa kadiliman ng gabi, tulad ng nakasaad sa pag-aaral ng UNDP, USAID (2014) na isang pananaliksik ukol sa pangkabuuang kalagayan ng *LGBTQIA+ community* sa bansang Pilipinas, na lumalabas na takot sa panghuhusga ang pangunahing dahilan kung bakit ang pangkasariang minorya ay lumilikha ng alternatibong espasyo. Nakaugat ito sa stigmatikong representasyon sa kanila ng ilang panlipunang institusyon tulad ng midya at mga sektang panrelihiyon, kakulangan ng mga batas na lehitimong mangangalaga sa kanilang interes, at kawalan ng kagustuhan ng estado na igawad sa kanila ang kanilang batayang karapatan na magkaroon ng proteksiyon mula sa mga kinauukulan laban sa diskriminasyong danas nila sa pang-araw-araw.

Ayon kay Magon at Kalra (2011), naglalabas ng mga nakakahalinang mga kemikal ang ating utak tulad ng dopamine at oxytocin sa tuwing tayo ay makikipagtalik, na siyang dahilan kung bakit tayo ay naeenganyong gawin ito nang paulit-ulit. Kaya maaaring ang pagsikil sa pangangailangang ito ng katawan, tulad ng nangyayari sa pangkasariang minorya, ang siyang nagtutulak sa ilang tao na gumawa ng mga alternatibong paraan, upang tugunan ang kanilang kahingiang seksuwal (Brouwers at Herrmann 2020). Maaaring mula rito nakaugat ang pagsibol ng mga alternatibong espasyong seksuwal tulad ng mayroon sa mga lumang sinehan sa Kamaynilaan, mga haligi ng Intramuros, at madidilim na espasyo sa loob ng UP Diliman (Wilson 2014).

Ang Unibersidad ng Pilipinas ang kinikilalang pinakamahusay na pamantasan sa buong Pilipinas dahil sa napakalaking kontribusyon nito sa iba't ibang industriya at larangan. Mula sa mga Pambansang Alagad ng Sining at Agham, hanggang sa mga naging pangulo ng ating bansa na produkto ng UP ay makikita ang husay at galing ng unibersidad. Nakapagluwal din ang unibersidad ng mga progresibong kaisipang naglalayong palayain ang bawat batayang sektor sa ating lipunan, kabilang ang pangkasariang minorya na patuloy na nakakaranas ng diskriminasyon at marhinalisasyon mula sa heteronormatibong paniniwala ng ilan. Kaya maaaring ang pagiging bukas ng estado ng UP Diliman sa sino mang nagnanais pumasok dito, at ang pagiging bukas-isip ng malaking bilang ng mga mag-aaral at dalubguro ng naturang pamantasan ang siyang nag-uudyok sa karamihan na dito galugarin ang iba't ibang aspekto ng kanilang seksuwal na pagkatao.

Naglalayon ang pag-aaral na ito na alamin kung ano nga ba ang alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman, tukuyin ang demograpikong katangian ng mga kabahagi ng

naturang alternatibong espasyong seksuwal, alamin ang mga tipo ng seksuwal na aktibidad na kanilang ginagawa sa loob ng unibersidad, at alamin ang mga lugar na karaniwang pinagdarausan ng seksuwal na aktibidad sa loob ng UP Diliman.

## PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang mga pangunahing layunin ng pag-aaral ay bigyang linaw ang pangkabuuang estraktura ng seksuwal na kulturang umiiral sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang altternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman?

2. Ano ang demograpikong katangian ng mga respondente sa aspekto ng edad, seks, seksuwal na oryentasyon, katauhang pangkasarian, pangkasariang ekspresyon, at ugnayan sa UP Diliman?

3. Ano-anong tipo ng seksuwal na aktibidad ang ginagawa ng mga respondente sa loob ng UP Diliman?

4. Ano-anong mga lugar ang karaniwang pinagdarausan ng seksuwal na aktibidad sa loob ng UP Diliman?

## TEYORETIKAL NA BALANGKAS

Ang naturang pananaliksik ay nakaangkla sa mga sumusunod na teorya:

### 1. Queen Theory (2004)

Ang queer theory ay isang kaisipang napapaloob sa kritikal na pagteteorya na sumibol sa unang bahagi ng dekada nobenta ('90s). Ito ay umusbong sa pamumukadkad ng queer studies at women studies sa iba't ibang bahagi ng daigdig, bilang porma ng panawagan laban sa heteropatriyarkal at heteronormatibong lipunan. Ang teoryang ito ay pinagtitibay ang iba't ibang porma ng pagkilala sa sariling seksuwal na oryentasyon, katauhang pangkasarian, at pangkasariang ekspresyon na karaniwang nakatatanggap ng kritisismo mula sa binaryong pagtingin sa kasarian at seksuwalidad ng ilang kasapi ng ating lipunan (Butler 2004). Sa paglipas ng panahon ay nailapat na ang nasabing teorya sa iba't ibang larang tulad ng agham, panitikan, pelikula, at maging sa makabagong espasyo ng internet (Haber 2019). Ito ay ginamit sa pag-aaral bilang pangunahing lente ng adbokasiyang bakahin ang diskriminasyong danas ng marhinalisadong sektor, na karaniwang nagkukubli at nakikipamuhay sa mga alternatibong espasyo tulad ng mayroon sa loob ng UP Diliman.

### 2. Third Space Theory (1996)

Nagsimulang sumibol ang teorya ng ikatlong espasyo mula sa sosyo-kultural na tradisyong pinanday sa larang ng sikolohiya, na nagpapakita na ang isipan ang lumilikha ng mga espasyong napagkasunduan ng lipunan na itinalaga sa bawat pangkat ng tao. Mula rito ay hiniram ito ng iba't ibang larang ng agham panlipunan, hanggang umabot ito sa kalinangang sosyo-kultural na tumatalakay sa daynamiko ng kapangyarihan sa mga espasyo ng mga modernisadong siyudad (Soja 1996), at mga lipunang may bakas ng kolonyal na nakaraan (Bhabha 2004). Binibigyang diin din ng naturang teorya na ang panlipunang minorya ay lumilikha ng espasyo, kung saan nila hinahayag ang kanilang mga kahingian na siyang nililimitahan ng dominanteng kultura. Ito ay inilapat sa pananaliksik bilang pagbabalangkas ng mga alternatibong espasyo sa loob ng UP Diliman bilang ikatlong espasyong pinagkukublihan ng seksuwal na ekspresyon ng marhinalisadong sektor ng *LGBTQIA+ community* na dominante sa seksuwal na kultura ng unibersidad.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Sa pangkabuuan, ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay sipatin, ilarawan, at dalumatin ang kulturang seksuwal na umiiral sa alternatibong seksuwal na espasyo sa UP Diliman, upang mabigyang linaw kung paano ito ginagamit bilang alternatibong espasyo para tugunan ang kanilang mga seksuwal na kahingian.

Gayundin, partikular na tinutugunan ng pananaliksik ang mga sumusunod na layunin:

1. Ilarawan ang alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman;

2. Ilarawan ang demograpikong katangian ng mga respondente;

3. Alamin ang mga tipo ng seksuwal na aktibidad na ginagawa ng mga respondente sa loob ng UP Diliman;

4. Alamin ang mga lugar na karaniwang pinagdarausan ng seksuwal na aktibidad sa loob ng UP Diliman.

## SAKOP AT LIMITASYON

Ang pag-aaral ay nakatuon sa mga indibidwal na kabahagi ng alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman. Ginamit ang terminong alternatibong espasyong seksuwal, upang tukuyin ang mga espasyo sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman na ginagamit upang itawid ang kahingiang seksuwal ng mga nakikipamuhay dito.

Ang pag-aaral ay isinakatuparan noong Marso 2019 hanggang Mayo 2019, pagkaraang matapos ang preparasyon sa pagsasagawa ng saliksik. Sa panahong ito ay isinagawa ang lahat ng sarbey, panayam, at pagsasalarang bilang paraan ng pagkalap ng datos na kinailangan sa pananaliksik. Ang mananaliksik ay gumamit ng social justice design o transformative design, na isang uri ng mixed method research design na ang layunin ay maglapat ng isang pang-adbokasiyang teorya, upang bigyang tugon ang isang nagaganap na panlipunang inekwalidad (Creswell 2015).

## KAHALAGAHAN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay may pangunahing kakayahang kilalanin at unawain ang Alternatibong Espasyong Seksuwal sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Maituturing na may kakulangan o kasalatan sa mga pananaliksik na dumadalumat sa kulturang seksuwal, dahil sa stigmatikong pagtingin ng ilang tao sa pakikipagtalik (Eviota 1994). Kaya magsisilbing hamon sa naturang pananaliksik ang mag-ambag ng kaalaman sa malaking puwang ng mga pag-aaral ukol sa espasyong seksuwal sa konteksto ng lipunang Pilipino. Magagawang palayain ng mga ganitong tipo ng pananaliksik ang mga maling kaisipan ukol sa seksuwal na kalikasan ng tao (Hartal 2017), na siyang makabubuti upang mas malalim nating maunawaan ang ating kahingiang seksuwal, na siyang natural na bahagi ng biyolohikal na mekanismo ng ating katawan (Magon at Kalra 2011). Maaaring makapaglahad din ito ng bagong kaalaman at perspektiba tungkol sa mga paksang seksuwal at pangkasarian na makatutulong sa paghahabi ng mga kuwentong-pangkaranasan ng mga marhinalisadong sektor ng lipunan, tulad ng *LGBTQIA+ community*.

Magsisilbing pundasyon ang nasabing pananaliksik para sa mga susunod pang pag-aaral na ang paksa ay kulturang seksuwal na umiiral sa mga alternatibong espasyong seksuwal, na maaaring nakalapat sa konteksto ng lipunang Pilipino.

## METODO

Ang pananaliksik ay pinaghalong kwantitatibo at kwalitatibong eksploratibong pag-aaral tungkol sa alternatibong espasyong seksuwal ng UP Diliman. Ang pag-aaral ay nasa porma ng social justice design o transformative design, na isang tipo ng pananaliksik na pinagsama ang kwantitatibo at kwalitatibong disenyo sa paggawa ng pag-aaral, at naglalayong lumikha ng panlipunang pagbabago na maaaring makatulong sa isang partikular na sektor (Creswell 2015). Maikakategorya ang pag-aaral bilang eksploratibong pananaliksik sapagkat, naglalahad ito ng mga panibagong kaalaman mula sa mga makabagong kaganapan na kailangan ng pagtuklas, at masusing pagsiyasat na siyang maaaring magbigay ng dagling paliwanag sa mga sagot na hinihingi ng pag-aaral, at magbunga ng makabagong kaalamang pakikinabangan ng sambayanan.

Ang mananaliksik ay nagsagawa ng mga sarbey o survey, panayam o interview, at pagsasalarang o fieldwork bilang instrumento ng pagkalap ng mga datos. Magkatulad na

nakabalangkas ang sarbey at panayam sa mga layunin ng pag-araal na tumutugon sa pagtatala ng mga katangian ng alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman, demograpikong katangian ng mga respondente (Kuper 2012, Jacobson at Joel 2018), tipo ng seksuwal na aktibidad na ginagawa ng mga respondente sa loob ng UP Diliman, at mga lugar na karaniwang pinagdarausan ng seksuwal na aktibidad sa loob ng UP Diliman.

Mula sa hindi tiyak na buong bilang ng mga indibidwal na nagtutungo sa UP Diliman para magsagawa ng seksuwal na aktibidad ay sapalarang pumili ng limampung (50) respondente upang kumalap ng datos. Gamit ang snowball sampling technique at purposive sampling technique (Browne 2005) ay sapalarang pumili ng mga maisasarbey at makakapanayam habang binabagtas ang iba't ibang pasikot-sikot sa loob ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Samantalang ang balangkas ng katanungan para sa kwantitatibong pag-aaral ay nakabatay sa ilang layunin ng pag-aaral kasama ang demograpikong katangian ng mga respondente, tipo ng seksuwal na aktibidad ng mga respondente, at mga lugar na karaniwang pinagdarausan ng seksuwal na aktibidad. Ang mga datos na nakalap mula sa sarbey ay inalisa sa pamamagitan ng deskriptibo at inperensyal na estadistika gamit ang Statistical Package for Social Science (SPSS) software.

Ang kwalitatibong datos ay nagmula sa pagsasalarang sa loob ng UP Diliman at panayam sa mga piling respondente na tiyak na malaki ang magiging bahagi sa pagbibigay linaw ukol sa seksuwal na kultura ng UP Diliman. Ang mga katanungan sa mga naturang pakikipanayam ay ibinalangkas sa ilang layunin ng pag-aaral na inayon sa kaugnayan ng kinapapanayam sa seksuwal na kulturang umiiral sa loob ng unibersidad. Bago pa man simulan ang panayam ay nilinaw gamit ang interview consent ang saklaw at limitasyon ng panayam bilang pangangalaga sa interes ng bawat indibidwal na naging kabahagi ng mga panayam.

## RESULTA AT DISKUSYON

### Propayl ng mga Respondenteng Kinapanayam

Ang mga sumusunod ay ang walong (8) indibidwal na siyang kinapanayam para sa kwalitatibong bahagi ng pananaliksik. Mainam na bago ilarawan ang espasyo at komunidad, ay maipakilala muna ang mga respondente ng panayam sa mga mambabasa. Upang maprotektahan ang kanilang pagkakakilanlan ay gumamit ang mananaliksik ng mga pseudonyms.

**BATHALA**, 21, isang mag-aaral ng UP Diliman na natuklasan ang alternatibong espasyong seksuwal habang binabagtas ang kahabaan ng University Avenue sa kanyang paglalakad pauwi. Tulad ng iba ay hindi alam ng kanyang mismong pamilya ang kanyang tunay na seksuwalidad, kaya maingat niyang tinatago ang kanyang pagkakakilanlan. Ang kanyang SOGIE ay bayseksuwal, cisgender, at masculine.

**KANLAON**, 19, isang mag-aaral mula sa ibang unibersidad na naipakilala sa kanya ang alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman ng kanyang nakilala mula sa Grindr. Madaming beses na siyang nakaranas ng diskriminasyon sa loob ng espasyong seksuwal, dahil sa pagiging effeminate o halata na siyang marhinalisado sa naturang espasyo. Ang kanyang SOGIE ay homosexual, gender queer, at effeminate.

**PAMULAK MANOBO**, 24, isang manggagawa na walang paunang ugnayan sa UP Diliman bago ipakilala sa kanya ng kaibigan ang alternatibong espasyong seksuwal sa loob nito. Ang kanyang SOGIE ay bayseksuwal, cisgender at androgynous.

**KABUNIAN**, 21, isang ring mag-aaral mula sa ibang unibersidad na natuklasan ang alternatibong espasyong seksuwal sa kanyang mga kaibigan sa katabing barangay ng UP Diliman. Ang kanyang SOGIE ay bayseksuwal, cisgender at androgynous.

**MEBUYEN**, 48, isang empleado ng unibersidad na naglilingkod sa loob ng

dalawampung (20) taon. Matagal na panahon na siyang nakakita ng mga indibidwal na gumagawa ng seksuwal na aktibidad sa loob ng UP Diliman. Ang kanyang SOGIE ay bayseksuwal, cisgender, at masculine.

**MAYARI**, 27, isang dating mag-aaral ng UP Diliman na nakatira malapit sa unibersidad na matagal nang kabahagi ng alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP. Ang kanyang SOGIE ay bayseksuwal, cisgender, at masculine.

**DARAGANG MAGAYON**, 18, isang mag-aaral ng senior high school sa isang paaralan malapit sa UP na natuklasan ang naturang alternatibong espasyong seksuwal mula sa kanyang kaklaseng pawang bahagi rin ng *LGBTQIA+ community*. Ang kanyang SOGIE ay bayseksuwal, cisgender at effeminate.

**APOLAKI**, 22, isang mag-aaral ng UP Diliman na nagtutungo sa alternatibong espasyong seksuwal ng unibersidad para ibsan ang pagod at pagkalumbay na kanyang nadarama dahil sa mabigat na mga gawain sa kanyang programa. Ang kanyang SOGIE ay bayseksuwal, cisgender, at masculine.

### Ang Alternatibong Espasyong Seksuwal sa UP Diliman

Ang Unibersidad ng Pilipinas Diliman ay isang espasyong itinaguyod upang magbahagi at luminang ng kaalaman na mapapakinabangan ng sambayanan mula sa pinakamahuhusay na guro at mag-aaral sa Pilipinas. Ngunit sa pagkagat ng dilim ay may mga espasyo sa loob ng unibersidad na nagkakaroon ng alternatibong kagamitan sa porma ng paghahayag ng seksuwal na kahingian ng ilang indibidwal na siyang karaniwang hindi kinikilala ng ilang kasapi ng ating lipunan (Piamonte et al. 2019). Tumutugma ang ganitong mekanismo sa ideya ng ikatlong espasyo (Soja 1989), kung saan ay makikitang nagbabago ang pag-uugali (behavior) at pagkakakilanlan (identity) ng isang tao sa pagtawid niya sa ikatlong espasyo tulad ng espasyong seksuwal sa UP Diliman kung ihahambing ang pag-uugali at pagkakakilanlan ng mga ito sa ipinapakita nila sa kanilang mga tahanan bilang unang espasyo, at lipunan bilang ikalawang espasyo. Ganito rin ang natunghayan ng mananaliksik sa dalawang buwan niyang pagsasalarang sa naturang ikatlong espasyo, na tila nagsisilbing ligtas na espasyo o safe space sa paghahayag ng seksuwal na kalikasan ang alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman para sa ilang indibidwal (San Mateo 2017). Malaya nilang naibabahagi ang kanilang mga saloobin at pagnanasa na hindi lubusang ikinokonsidera, kung ito ba ay maaaring makakaapekto sa kanilang pagkakakilanlan o pagtingin sa kanila ng ibang indibidwal sa harap ng realidad ng lipunan na kanilang pang araw-araw na ginagalawan. Ito ay pinagtitibay din ng pahayag nina Kanlaon, Pamulak Manobo, at Kabunian na mariing sinasabi na mas ninanais nilang pumunta sa UP Diliman upang ihayag ang kanilang totoong sarili.

> "A place where you can express yourself without any prejudice coming from bigoted members of our society. Kahit puro tite hahaha, pero I consider this as my safe space."
> — **KANLAON**

> "UP Diliman is a special place where we are free to express ourselves without thinking about our identities, because most of the individuals in this community are totally anonymous. Even ako I'm enjoying t1he anonymity dahil I am free to do what I want here."
> — **PAMULAK MANOBO**

> "Diliman is a place who can freely express yourself, especially 'yung mga sides na di nirerecognize ng lipunan about you. I mean kung anong mga bagay na part ng personality mo na di pwedeng ipakita in the real world ay pwede mong imanifest dito."
> — **KABUNIAN**

Noong una, pawang pakikipagtalik lamang ang kanilang layunin sa pagpunta sa UP Diliman. Ngunit binago ito nang makatagpo sila ng mga taong nakakaunawa sa

kanilang mga danas bilang miyembro ng pangkasariang minorya.

> "It's like a community kasi kahit nakasex ko 'yung iba dati ay nagiging friend ko sila eventually at nakakasama ko habang gumagala dito sa loob ng UP at naghahanap ng iba pang posibleng matikman."
> — **KANLAON**

> "Para siyang group or tribe na kapag nagkikita along the area ay may certain level of familiarity na at may certain level of respect sa booking ng may booking hahaha."
> — **PAMULAK MANOBO**

> "Sa tagal ko rito, grabe 'yung evolution eh, para na talaga siyang maliit na pamayanan sa loob ng apat na sulok ng UP. Madami akong formerly kasex dito pero eventuall y nagiging close friend ko at nakakasama kahit sa labas ng UP."
> — **MEBUYEN**

Ipinapakita ng pahayag nina Kanlaon, Pamulak Manobo, at Mebuyen na tila isang maliit na pamayanan sa loob ng unibersidad ang alternatibong espasyong seksuwal na kanilang kinabibilangan. Dahil tulad ng isang pamayanan ay nagkakaroon sila ng panlipunang ugnayan at samahan bukod sa seksuwal na aktibidad na pinakadiwa ng naturang ikatlong espasyo.

### Demograpikong Katangian ng mga Respondente

Ayon sa Talahanayan Blg. 1 ay mayroong kabuuang bilang ng limampung (50) respondente ang nasabing pag-aaral. Sa pagsusuri ng edad ng mga respondente ay makikita na may pinakamataas na bilang ang labingwalo (18) hanggang dalawampu't apat (24) na taong gulang na may pangkabuuang bilang na dalawamput apat (24) o limampu't walong (58) porsiyento. Pinakamababang bilang naman ang tatlumpu't lima (35) hanggang tatlumpu't siyam (39) na taong gulang na may bilang na isa (1) o dalawang (2) porsiyento. Maaaring maiugnay ito sa pag-aaral na isinagawa nina Boislard, et. al. (2016) na lubhang aktibong seksuwal ang mga indibidwal sa kanilang pagbibinata't pagdadalaga hanggang sa unang yugto ng kanilang pagiging matanda. May kaugnayan ito sa pagbabagong pisikal na kanilang nararanasan sa pagbugso ng mga hormones sa kanilang katawan na nagtutulak sa kanila na magsagawa ng mga seksuwal na aktibidad.

| Tagapahiwatig | f | % |
|---|---|---|
| Mababa sa 18 taong gulang | 7 | 14% |
| 18 hanggang 24 na taong gulang | 24 | 48% |
| 25 hanggang 29 na taong gulang | 11 | 22% |
| 30 hanggang 34 na taong gulang | 3 | 6% |
| 35 hanggang 39 na taong gulang | 1 | 2% |
| Mahigit sa 40 taong gulang | 4 | 8% |
| **Kabuuan** | 50 | 100% |

**TALAHANAYAN BLG. 1:**
**EDAD NG MGA RESPONDENTE.**

| Tagapahiwatig | f | % |
|---|---|---|
| Lalaki | 48 | 96% |
| Babae | 2 | 4% |
| **Kabuuan** | 50 | 100% |

**TALAHANAYAN BLG. 2:**
**SEKS NG MGA RESPONDENTE.**

Ayon sa Talahanayan Blg. 2 ay mula sa pangkabuuang bilang ng limampung (50) respondente ay mayroong apatnapu't walong (48) lalaki na bumubuo ng siyamnapu't anim (96) na porsiyento at dalawang (2) babae na bumubuo sa apat (4) na porsiyento na siyang ipinapakita sa ikalawang talahanayan. Maiuugnay rito ang pananaliksik ni Sumter, S.R. (2017) na nagpapatunay na ang mga kalalakihan ay mas nagnanais ng panandaliang seksuwal na ugnayan kung ikukumpara sa tindi ng pagnanais ng mga kababaihan, at ang pag-aaral ni Baumeister R.F. (2000) na siyang tumatalakay na mariing idinidikta ng kulturang umiiral sa isang lipunan ang limitasyon ng kababaihan sa pagkilala sa kanyang seksuwal na kalikasan.

| Tagapahiwatig | f | % |
|---|---|---|
| Heteroseksuwal | 3 | 6% |
| Homoseksuwal | 7 | 14% |
| Bayseksuwal | 39 | 78% |
| Panseksuwal | 1 | 2% |
| **Kabuuan** | 50 | 100% |

**TALAHANAYAN BLG. 3: SEKSUWAL NA ORYENTASYON (SEXUAL ORIENTATION) NG MGA RESPONDENTE.**

Sa pagsusuri ng datos ukol sa dominanteng seksuwal na oryentasyon ay makikita na mayorya ng datos na nakalap ay mula sa mga kasapi ng LGBTQIA+ community na may pangkabuuang bilang na apatnapu't pito (47) o siyamnapu't apat (94) na porsiyento. Kabahagi nito ang mga bayseksuwal na may bilang na siyamnapu't siyam (39) o pitumpu't walong (78) porsiyento, mga homoseksuwal na may bilang na pito (7) o labing-apat (14) na porsiyento, at panseksuwal na may bilang na isa (1) o dalawang (2) porsiyento.

Pinagtitibay ito ng pahayag ni Mebuyen na nagsasalaysay na mula noong taong 2010 ay mas madami na siyang nakikitang nagsasagawa ng lalaki sa lalaking pagtatalik o MSM *(Men having sex with men)* na siyang pawang kasapi ng *LGBTQIA+ community* kaysa sa mga heteroseksuwal na siyang nagdodomina sa nasabing lugar bago ang taong 2010.

"Dati before 2010 ay mas madami pang straight na naglalampungan sa Lagoon pero pagpasok ng 2010 ay dominante na ang numbers ng mga LGBT na gumagala rito, pabor siyempre kasi LGBT rin ako at tila manipestasyon ito ng efforts ng community na igiit o ipaglaban ang rights and spaces na meron tayo."
— **MEBUYEN**

Iniuugnay niya ang mga kaganapan na may kinalaman sa paglaban para sa karapatan at espasyo ng *LGBTQIA+ community* kasabay ang pag-usbong ng mga ito sa seksuwal na kultura ng Laguna ng UP Diliman.

Sa pagsusuri ng kwantitatibo at kwalitatibong datos ukol sa seksuwal na oryentasyon ng mga respondente, ay magkatulad na pinakamataas ang bilang ng bayseksuwal. Tumutugma rin ito sa resulta ng mga nauna pang pag-aaral ukol sa pangkasariang minorya (Grov et al. 2014). Ang mas mataas na bilang ng mga taong kinikilala ang kanilang sarili bilang bayseksuwal, ay nababatid ng ilang respondente bilang bunga ng maling pananaw ukol sa konsepto ng bayseksuwalidad.

"Madaming bisexual dito, pero di lahat oriented talaga kung ano talaga ang bisexual, madami nag-iisip na ang pagiging bisexual ay pagiging masculine na gay, which is not. Kaya good move po 'yung questions ninyo sa survey dahil malinaw po du'n kung ano ang SOGIE." — **APOLAKI**

"Bata pa lang po, attracted na ako parehas sa guys and girls kaya malinaw po sa akin kung ano po ang bisexual. May mga tao kase dito na may misconception kung ano ang bi? There are people here na tend to think na masculine gays ang pagiging bi."
— **DARAGANG MAGAYON**

May mga pagkakataon na inaakala ng ilan na ang pagiging bayseksuwal ay pagiging *masculine* na homoseksuwal, at ang paggamit ng terminong gay o homoseksuwal ay inaakala nilang pantukoy ng pagiging *effeminate*, malamya, o halata.

| Tagapahiwatig | f | % |
|---|---|---|
| Cisgender | 48 | 96% |
| Gender Queer | 2 | 4% |
| Kabuuan | 50 | 100% |

**TALAHANAYAN BLG. 4: KATAUHANG PANGKASARIAN (GENDER IDENTITY) NG MGA RESPONDENTE.**

Sa pagsusuri ng datos ukol sa dominanteng Katauhang Pangkasarian ay lumalabas na may bilang na apatnapu't walo (48) o siyamnapu't anim (96) na porsiyento ay Cisgender, samantalang may bilang na dalawa (2) o apat (4) na porsiyento lamang ang *Gender Queer.*

"Madalas dito ang heteronormatibong pag-iisip na kapag straight passing ka ay mas mababa ang mga effeminate and mga gender queer or trans sayo. Ilang beses na ako actually nakatanggap ng panlalait dito dahil gender queer ako."
— **KANLAON**

Lumalabas na ang heteronormatibong pananaw ng ilang *cisgender* o *straight* passing na indibidwal, ay nagagamit upang idiskrimina ang mga *gender queer* at *transgender* na siya namang hinahamon ang kumbensyunal na pagtingin sa kasarian ng tao (Baytan 2000).

| Tagapahiwatig | f | % |
|---|---|---|
| Masculine | 27 | 54% |
| Effeminate | 3 | 6% |
| Androgynous | 15 | 30% |
| Non-Conforming | 5 | 10% |
| **Kabuuan** | 50 | 100% |

**TALAHANAYAN BLG. 5: PANGKASARIANG EKSPRESYON (GENDER EXPRESSION) NG MGA RESPONDENTE.**

Sa pagsusuri ng datos ukol sa dominanteng Pangkasariang Ekspresyon ay lumalabas na may bilang na dalawampu't pito (27) o limampu't apat (54) na porsiyento ay masculine, tatlo (3) o anim (6) na porsiyento ang effeminate, labinlima (15) o tatlumpung (30) porsiyento ang androgynous, samantalang lima (5) o sampung (10) porsiyento lamang ang Non-conforming.

May kaugnayan ito sa pahayag ni Mayari na dahil sa mataas na preperensiya ng mga taong naglalagalag sa UP Diliman sa mga kalalakihang matikas na nais nilang makatalik ay pinipilit ng ibang baguhin ang kanilang kaanyuan, kilos at tindig upang mas madaling makatagpo ng makakapareha. Sinangkot din niya ang effeminate shaming at internal homophobia ng ilang indibidwal na kasalukuyang suliranin ng LGBTQIA+ community (Miller at Behm-Morawitz 2016).

"Nalulungkot ako minsan kapag naiisip ko na may ilan dito na kailangang magpanggap na masculine para lang makahanap ng magiging sexual partner, dahil madami dito ay mayroong internal homophobia."
— **MAYARI**

Kaugnay nito ay mayroong pag-aaral na isinagawa sina Miller at Behm-Morawitz (2016) na pinamagatang "*Masculine Guys Only: The effects of femmephobic mobile dating application profiles on partner selection for men who have sex with mena* na tumatalakay ukol sa diskriminasyong ibinabantad ng ilang homoseksuwal sa kanilang kapwa homoseksuwal dahil lamang sa pagiging malambot ng kilos ng mga ito. Sa pag-aaral na ito ay napatunayan ang eksistenisya ng mga internal homophobia at femmephobia sa hanay ng LGBTQIA+ community.

| Tagapahiwatig | f | % |
|---|---|---|
| Taga-UP | 12 | 24% |
| Hindi Taga-UP | 38 | 76% |
| KabuOan | 50 | 100% |

**TALAHANAYAN BLG. 6: UGNAYAN SA UP DILIMAN.**

Labindalawa (12) o dalawampu't apat (24) na porsiyento lamang mula sa pangkabuuang bilang na limampu (50) ang naging/kasalukuyang mag-aaral ng UP Diliman na siyang napakalaki ang agwat sa bilang na tatlumpu't walo (38) o pitumpu't anim (76) na porsiyento na di mag-aaral ng naturang unibersidad. Mailalapat ang datos na ito sa pahayag nina Bathala, Kanlaon, Pamulak Manobo, Kabunian, at Mayari na mas marami ang mga hindi taga-UP na nagtutungo sa UP Lagoon at University Avenue na dumadayo lamang para makahanap ng makakatalik.

"Dito sa Lagoon at University Avenue ay sobrang weird na kapag nalaman nilang taga-UP ka ay parang prestige food or main course meal ka."
— **BATHALA**

"Kapag dito sa amin kapag taga-UP iba pagtingin namin, parang may plus factor, mas nakakalibog kasi alam mong matalino hahaha. Kaya ayun may ilan nga dito nagpapanggap na taga-UP para maisip na yummy."
— **PAMULAK MANOBO**

Pinapakita ng pahayag nina Bathala at Pamulak Manobo na tila mas mataas ang tingin ng mga indibidwal sa naturang alternatibong espasyong seksuwal sa mga taga-UP, na siyang dahilan kung bakit may iilan sa naturang ikatlong espasyo na pinipiling magpanggap na taga-UP (Gavin 2009).

| Tagapahiwatig | f | % |
|---|---|---|
| 1 hanggang 3 buwan | 2 | 4% |
| 4 hanggang 6 buwan | 3 | 6% |
| 7 buwan hanggang 1 taon | 18 | 36% |
| 2 hanggang 3 taon | 12 | 24% |
| 4 hanggang 5 taon | 9 | 18% |
| 6 hanggang 10 taon | 5 | 10% |
| Mahigit 10 taon | 1 | 2% |
| **Kabuuan** | 50 | 100% |

TALAHANAYAN BLG. 7:
TAGAL NG PANAHON NANG NAGPUPUNTA SA UP DILIMAN.

Ayon sa Talahanayan Blg. 7 ay lumalabas na karaniwang pitong (7) buwan hanggang isang (1) taon ang tagal ng panahon ng pagtutungo sa UP Diliman ng mga indibidwal na kasangkot sa seksuwal na kulturang umiiral dito sa bilang na labingwalo (18) o tatlumpu't anim (36) na porsiyento.

Sa pag-aanalisa ng mga datos na nakalap ay 28 taon na ang pinakamatagal na namamalagi at nagtutungo sa UP Diliman para makahanap ng makakatalik na siyang nagpapatunay na matagal nang nagaganap ang naturang seksuwal na kaparaanan sa nasabing unibersidad. Pinapatunayan ito ng aking pakikipanayam kay Mebuyen na mahigit 20 taon nang nagsisilbi bilang empleado ng unibersidad.

"Kakapasok ko pa lang bilang empleado ng UP noon ay naririnig ko na ang mga kuwento about sa Lagoon at iba pang cruising spots dito sa UP. Sabi pa sa akin nung senior ko that time eh matagal na matagal na panahon na 'yang nangyayari dito."
— **MEBUYEN**

| Tagapahiwatig | f | % |
|---|---|---|
| 1 lamang | 8 | 16% |
| 2 hanggang 5 | 12 | 24% |
| 6 hanggang 10 | 12 | 24% |
| 11 hanggang 20 | 6 | 12% |
| 21 hanggang 30 | 4 | 8% |
| 31 hanggang 50 | 4 | 8% |
| 50 hanggang 100 | 1 | 2% |
| Mahigit sa 100 | 3 | 6% |
| **Kabuuan** | 50 | 100% |

TALAHANAYAN BLG. 8:
PANGKABUUANG BILANG NG MGA NAKATALIK SA LOOB NG UP DILIMAN.

Ayon sa Talahanayan Blg. 8 ay dalawa (2) hanggang lima (5) at anim (6) hanggang sampu (10) ang kadalasang bilang ng nakakatalik ng isang indibidwal sa loob ng UP Diliman sa tala ng kanilang pagtungo sa nasabing lugar na may magkatulad na bilang na labindalawa (12) o tig-dalawampu't apat (24) na porsiyento. susuriin ang pangkabuuang datos ay lumalabas na apat na daan at limampung (450) kapareha ang pinakamataas na naitalang bilang ng nakatalik ng isang indibidwal sa UP Diliman. Ang naturang indibidwal ay ang pinakamatagal ding nanatili sa seksuwal na kultura ng UP Diliman sa loob ng mahigit dalawang dekada. Ang datos na ito ay kahalintulad ng mayorya ng mga respondente na nagpapakita na mas dumadami ang bilang ng nakakatalik kapag mas matagal nang nananatili sa nasabing lugar. Nasusukat dito ang mas mataas na probabilidad o tsansang makakuha ng katalik kapag mas maraming panahong ibinuhos sa paglalagalag dito.

### Tipo ng Seksuwal na Aktibidad sa loob ng Unibersidad

| Tagapahiwatig | f | % |
|---|---|---|
| Oral Sex | 50 | 100% |
| Anal Sex | 2 | 4% |
| **Kabuuan** | 50 | 100% |

**TALAHANAYAN BLG. 9: SEKSUWAL NA AKTIBIDAD SA LOOB NG ESPASYONG SEKSUWAL SA UP DILIMAN**

Sa pagtukoy ng hangganan ng seksuwal na aktibidad ay lumalabas na siyento porsiyento (100%) ng mga respondente ay nagawa nang makipag-*oral sex* sa loob ng UP Diliman na malayo sa bilang na dalawa (2) o apat (4) na porsiyento na nasubukang makipag-anal sex sa loob ng UP Diliman. Ang bilang ay maaaring naapektuhan ng takot sa panganib ng pagkakaroon ng mga lumalaganap na nakakahawang sakit buhat sa hindi ligtas na pakikipagtalik.

> "Madami talaga rito hanggang kupiz (oral sex) lang kasi di ba nga tumataas ang kaso ng HIV ngayon, saka ayun baka pag may dumating na parak (University Police) eh baka mahirapan makatakbo kasi matagalan sa pagsusuot." — **KANLAON**

Maiuugnay rin ito sa pag-aaral na isinagawa ni Leichliter et al. (2007) sa pananaliksik na pinamagatang *Prevalence and Correlates of Heterosexual Anal and Oral Sex in Adolescents and Adults in the United States* na mas maraming nagnanais na hanggang *oral sex* lang ang hangganan ng kanilang seksuwal na aktibidad dahil sa paglaganap ng mga nakakahawang sakit tulad ng mga *Sexually Transmitted Diseases* (STDs).

### Mga Lugar na Pinagdarausan ng Seksuwal na Aktibidad sa Loob ng UP Diliman

| Tagapahiwatig | f | % |
|---|---|---|
| UP Lagoon | 50 | 100% |
| University Ave. | 25 | 50% |
| AS Parking Lot | 5 | 10% |
| Physics Parking | 3 | 6% |
| Tennis Court | 3 | 6% |
| Vargas Hall | 5 | 10% |
| Archery | 5 | 10% |
| Admin Bldg | 3 | 6% |
| Quezon Hall | 3 | 6% |
| Oble | 3 | 6% |
| Palma Hall | 3 | 6% |
| Oval | 2 | 4% |
| Main Library | 3 | 6% |
| Film Institute | 3 | 6% |
| Anywhere in UP | 1 | 2% |
| **Kabuuan** | 50 (multiple responses) | |

**TALAHANAYAN BLG. 10: LUGAR NA KARANIWANG PINAGDARAUSAN NG SEKSUWAL NA AKTIBIDAD SA LOOB NG UP DILIMAN.**

Mula sa datos na aking nakalap ukol sa iba pang mga lugar na pinagsasagawaan ng seksuwal na aktibidad sa loob ng UP Diliman ay pinakamataas ang bilang ng sumagot na sila ay nakikipagtalik sa UP Lagoon na may limampu (50) o isandaang (100) porsiyento, sumunod dito ang kahabaan ng University Avenue na may bilang na dalawampu't lima (25) o limampung (50) porsiyento ng pangkabuuang bilang ng mga respondente.

Mapapansin din sa mga sagot na malaking bahagi ng UP Diliman ang natukoy na lugar kung saan nila ginagawa ang mga seksuwal na aktibidad. Bilang pag-uugnay sa pahayag nina Kanlaon, Pamulak Manob,o at Kabunian ay lumalawak sa pagkagat ng dilim ang nasasakupan ng espasyong seksuwal. Sa

pagpatak ng ala-sais (6:00 PM) ng gabi ay nagsisimula na ang mga seksuwal na aktibidad sa UP Lagoon at University Avenue at pagkagat ng alas-diyes (10:00 PM) ay lumalawak ito hanggang sa kabuuan ng kalye at mga gusali sa Academic Oval na siyang magwawakas kapag sumikat na ang araw ng ala-sais (6:00 AM) ng umaga.

> "Ganito kasi sistema rito, mga 5pm pa lang nandito na kami nakatambay kasi kapag nagdilim na mga 6 siguro ay nagsisimula na maghanap ng ka-sex ang mga 'yan sa Lagoon at University Avenue. Tapos kapag mga 10 na ayan hanggang doon sa paikot (Academic Oval) na umaabot 'yung mga naghahanap kasi halos wala na mga estudyante n'yan at may ilan na nagjojogging na naghahanap din ng ka-sex. Tapos ayun aabutin kami ng 5 to 6am dito kasi sa gano'ng oras kapag may liwanag na ay wala ka nang makukuha." — **KABUNIAN**

Mula sa pangkabuuang bilang na limampu (50) ay tatlumpu't pito (37) o pitumpu't apat (74) na porsiyento ang sumagot na aksidente nilang nalaman ang alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman. Ayon sa pahayag nina Bathala, Kanlaon, Pamulak Manobo, at Kabunian, kuryosidad ang nagtulak sa kanila kung bakit sila naipasok sa seksuwal na kulturang ito.

> "Marami rin sa mga nakausap ko rito ay accidental lang din nalaman 'yung ganap dito. Ako noon I remember kakatapos lang ng class ko sa AS then naglalakad ako papuntang PhilCOA tapos ayun may nakita akong cute guy na ngumiti sa 'kin at sinundan ko, ayun na-lure ako sa lagoon at doon nangyari ang first experience ko dito."
> — **BATHALA**

Ilan sa kanila ay nagjojogging nang namataan nila na may mga kalalakihang nagsisipuntahan sa mga bahaging mapupuno at kinagulat nila ang kanilang mga nasaksihan nilang seksuwal na aktibidad.

## KONGKLUSYON

Mailalarawan ang alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman bilang espasyong nagbibigay laya sa paghahayag ng seksuwal na kalikasan ng mga indibidwal na nakikipamuhay rito na karaniwang iniimbalida ng ilang kasapi ng ating lipunan (Piamonte et al. 2019). Maituturing itong ikatlong espasyo (Soja 1989), kung saan ay mapapansing iba ang pag-uugali (behavior) at pagkakakilanlan (identity) ng isang tao sa ikatlong espasyo kung itatambis sa kanilang pag-uugali at pagkakakilanlan sa kanilang mga tahanan bilang unang espasyo, at lipunan bilang ikalawang espasyo. Sa ganitong mekanismo ay nagsisilbing ligtas na espasyo o safe space ang alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman, sapagkat nagbibigay ito ng kalayaan sa paghahayag ng kanilang pangkasariang katotohanan (San Mateo 2017). Dito ay malaya nilang naibabahagi ang kanilang mga saloobin at pagnanasa na hindi lubusang ikinokonsidera, kung ito ba ay maaaring makaapekto sa kanilang pagkakakilanlan o pagtingin sa kanila ng ibang indibidwal sa harap ng realidad ng lipunan na kanilang pang-araw-araw na ginagalawan.

Maituturing din na maliit na pamayanan sa loob ng unibersidad ang alternatibong espasyong seksuwal na ito, dahil tulad ng isang pamayanan ay nagkakaroon sila ng panlipunang ugnayan at samahan bukod sa seksuwal na aktibidad na karaniwan nilang ginagawa rito (Billund-Phibbs 2018).

Kung pagbabatayan ang interpretasyon ng datos na tumutumbok sa demograpikong katangian ng mga respondente, ay lumalabas na nakababata (karaniwang nasa edad na 18 to 24 taong gulang), lalaki, bayseksuwal, cisgender, masculine, walang ugnayan sa UP, pitong (7) buwan hanggang isang (1) taon nang nagtutungo sa unibersidad para sa seksuwal na aktibidad, at dalawa (2) hanggang lima (5) at anim (6) hanggang sampu (10) ang kadalasang bilang ng nakatalik sa loob ng unibersidad ang katangian ng mayorya ng mga indibidwal na naglalagalag sa alternatibong espasyong seksuwal sa loob ng UP Diliman. Ang pagiging mas bata ng mga ito ay maaaring iugnay sa mga dati pang pag-aaral, na ipinapakita na

mas aktibong seksuwal ang tao sa kanilang adolescence o hanggang sa mga unang yugto ng kanilang pagtanda o pagiging adult (Boislard et al. 2016). Maaaring mas madaming lalaki sa espasyong seksuwal na ito dahil mas nagnanais ng panandaliang seksuwal na ugnayan ang mga lalaki, na siyang pinapatunayan ng ilang pag-aaral ukol sa hook-up culture (Baumeister 2000 at Sumter 2017). Magkakatulad na binabalangkas naman ng naratibo ng mga kinapanayam na bayseksuwal, cisgender, at masculine ang karaniwang SOGIE ng mga respondente, dahil ito ang kumbensiyunal o karaniwang katanggap-tanggap sa mata ng ilang kasapi ng ating lipunan. Samantalang, ang pagiging minoryang gender queer, transgender, at effeminate o halata ay maaaring magbunga ng marhinalisasyon o/at diskriminasyon, dahil tumataliwas ito sa namamayaning heteronormatibong paniniwala (Miller B. at Behm-Morawitz E. 2016).

Matagumpay ring natugunan ang mga katanungan ukol sa tipo ng seksuwal na aktibidad na ginagawa sa loob ng alternatibong espasyong seksuwal sa UP Diliman, na lumalabas na karaniwang nasa porma ng oral sex dahil higit na mas ligtas ito kumpara sa anal sex na higit na mas mataas ang probabilidad na panggalingan ng mga sexually transmitted diseases o STDs.

Makikita sa mga datos ukol sa mga lugar na karaniwang pinagdarausan ng seksuwal na aktibidad sa loob ng UP Diliman na pinakamataas ang bilang ng tumugon na sila ay nakikipagtalik sa UP Lagoon at University Avenue na siyang tumutugma rin sa mga datos na nakalap sa mga panayam at pagsasalarang. Lumalabas na sa pagpatak ng ala-sais (6:00 PM) ng gabi ay nagsisimula na ang mga seksuwal na aktibidad sa UP Lagoon at University Avenue at pagkagat ng alas-diyes (10:00 PM) ay lumalawak ito hanggang sa kabuuan ng kalye at mga gusali sa Academic Oval na siyang magwawakas kapag sumikat na ang araw ng ala-sais (6:00 AM) ng umaga. Mababatid na habang lumalalim ang gabi ay palawak nang palawak ang nasasakupan ng alternatibong seksuwal na espasyo sa loob ng unibersidad at unti-unti rin itong maglalaho sa pagsikat ng araw (Ramello 2005). Lumalabas din sa pag-aaral na karamihan ay pawang aksidente lamang natuklasan ang seksuwal na kultura sa loob ng unibersidad na karaniwang natuklasan nila habang sila ay naglalakad o napadaan.

## SANGGUNIAN

Baumeister, R. F. 2000. "*Gender differences in erotic plasticity: The female sex drive as socially flexible and responsive.*" *Psychology Bulletin* 126:347–374. doi: 10.1037/0033.

Baytan, R. 2000. *"Sexuality, Ethnicity, Language: Exploring Chinese Filipino Male Homosexual Identity." Culture, Health and Sexuality* 2.

Bhabha, H. K. 2004. "*The Location of Culture.*" New York: Routledge.

Billund-Phibbs, M. 2018. "Steam Rooms: A History of Public and Semi-Public Gay Sexual Space in Late 20th Century Minneapolis."

Boislard, M. A., D. Bongardth, and M. Blais. 2016. "*Sexuality (and Lack Thereof) in Adolescence and Early Adulthood: A Review of the Literature.*" Behavioral Sciences (Basel) 6(1):8.

Brouwers, L., and T. Herrmann. 2020. "'We Have Advised Sex Workers to Simply Choose Other Options'—The Response of Adult Service Websites to COVID-19." Journal of Social Sciences 9(10):181. MDPI AG.

Browne, K. 2005. *"Snowball Sampling: Using Social Networks to Research Non-Heterosexual Women."* International Journal of Social Research Methodology 8:47–60.

Butler, J. 2004. "Undoing Gender." New York: Routledge.

Creswell, J. 2015. "Educational Research: Planning, Conducting, and Evaluating Quantitative and Qualitative Research". *Creative Education*, vol. 6. New York: Pearson.

Eviota, E. U. 1994. *Sex and Gender in Philippine Society.* National Commission on the Role of Filipino Women.

Garcia, J. Neil C. 1996. *Philippine Gay Culture: The Last Thirty Years: Binabae to Bakla, Silahis to MSM.*University of the Philippines Press, Diliman, Quezon City.

Gavin, H. 2009. "The Psychology of Sexual Deviance." In The [British Psychological Society] North East of England Branch 2nd Annual Conference, June 26-27, 2009, Sheffield Park Hotel.

Grov, C., A. S. Breslow, M. E. Newcomb, J. G. Rosenberger, and J. A. Bauermeister. 2014. "Gay and Bisexual Men's Use of the Internet: Research from the 1990s through 2013." *The Journal of Sex Research.*

Hartal, G. 2017. "Fragile subjectivities: constructing queer safe spaces." *Social and Cultural Geography.*

Kuper, L. E., R. Nussbaum, and B. Mustanski. 2012. "Exploring the Diversity of Gender and Sexual Orientation Identities in an Online Sample of Transgender Individuals." *Journal of Sex Research.*

Leichliter, et al. 2007. "Prevalence and Correlates of Heterosexual Anal and Oral Sex in Adolescents and Adults in the United States." *The Journal of Infectious Diseases* 196(12):1852-1859.

Magon, N., and S. Kalra. 2011. The Orgasmic History of Oxytocin: Love, Lust, and Labor." *Indian Journal of Endocrinology and Metabolism.*

Miller, Breanne, and Emily Behm-Morawitz. 2016. "Masculine Guys Only: The Effects of Femmephobic Mobile Dating Application Profiles on Partner Selection for Men Who Have Sex with Men". *Computers in Human Behavior* 62.

Piamonte, Rochelle, Maria Regine J. Garcia, Raymund Sison, Gerardo Legaspi, and Erniel B. Barrios Jr. 2019. "Virtual Masquerade: Understanding the Role of Twitter's Alter Community in the Social and Sexual Engagements of Men Who Have Sex with Men." Philippine Council for Health Research and Development, De La Salle University Manila at PUP.

Ramello, Simone. 2005. "Exotic Same Sex Acts between Men: Eroticism in a Public Park in North Italy."

San Mateo, Michael Ray. 2017. "Now You See Me, Now You Don't: Sexual Stigma and Alternative Identities in Twitter's Alter Community." Unpublished Undergraduate Thesis, University of the Philippines College of Mass Communication.

Soja, Edward W. 1989. "Postmodern Geographies: The Reassertion of Space in Critical Social Theory. London, New York: Verso, 4.

Soja, Edward W. 1996. "Planning in/for Postmodernity."In *Postmodern Cities and Spaces Theory*, edited by Sophie Watson and Katherine Gibson, Oxford, Cambridge.

Sumter, Sindy R. 2017. "Love Me Tinder: Untangling Emerging Adults' Motivations for Using the Dating Application Tinder." *Telematics and Informatics* 34 (1): 67-78.

UNDP, USAID. 2014. "Being LGBT in Asia: The Philippines Country Report."United Nations Development Programme, Agency for International Development.

Wilson, Adam. 2014. "Urban Sexualities: Companion to Urban. Journal of Urban Anthropology, First Edition."